



Patakarang sa Water Billing: Pagputol ng Residential Water Service Kapag Hindi Nagbayad

1. **Layunin:** Ang patakarang ito ay itinatag upang tuparin ang Senate Bill 998 na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” at na inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (California Health and Safety Code Sections 116900, et seq.). Ang Patakarang ito ay gagawing available sa website ng City of Delano. Ang Utility Billing office ng State Water Resources Control Board Lungsod ay maaaring kontakin sa telepono sa 661-721-3315 (o sa email sa utilitybilling@CityofDelano.org) upang talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng water service kapag hindi nagbayad, sa ilalim ng mga tadhana ng patakarang ito.
2. **Petsa ng Pagkabisa:** Ang patakarang ito ay magkakabisa sa Pebrero 1, 2020.
3. **Nilimbag sa mga Sumusunod na Wika:** Ang patakarang ito at ang mga nakasulat na paunawa na kinakailangan sa patakarang ito ay magiging available at ililimbag sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodigo Sibil; kabilang dito ang Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at ano pa mang ibang wikang sinasalita ng 10 porsiyento man lamang ng mga taong naninirahan sa water service area ng Lungsod.
4. **Mga Dapat Mangyari Bago Maputulan ng Residential Water Service**
 - A. Hindi puputulin ng City ang residential water service kapag hindi nagbayad hangga’t ang customer ay naging delinkwente nang 60 araw man lamang. Pitong araw ng negosyo man lamang bago putulin ang residential water service kapag hindi nagbayad, ang customer na nakapangalan sa account ay tatawagan o padadalhan ng Lungsod ng nakasulat na abiso.
 - B. Kapag tinawagan ng Lungsod ang customer na nakapangalan sa account, alinsunod sa subparagraph (A), aalukin ng tauhan na padalhan ang customer ng nakasulat na kopya ng patakarang ito. Sasabihin ng tauhan ng Lungsod na handa itong talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng water service kapag hindi nagbayad; kasama ngunit hindi natatakda sa mga opsyon ang mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, deferred payments, minimum payments, mga pamamaraan para irequest ang amortization ng hindi pa binabayarang balance, at petisyon upang rebyuhin at apelahin ang bill.
 - C. Kapag pinadalhan ng Lungsod ang customer na nakapangalan sa account ng nakasulat na abiso, alinsunod sa subparagraph (A), ang nakasulat na abiso ng pagiging delinkwente ng bayad at darating na pagputol ng tubig ay ipapadala sa customer sa address na nakasulat sa kanyang rekord. Kung ang address ng customer ay hindi kapareho ng address ng property kung saan ibinibigay ang

residential water service, ang abiso ay ipapadala rin sa address ng property kung saan nagbibigay ng residential water service, at ito'y ipapangalan sa "Current Resident" o "Kasalukuyang Resident." Kasama ngunit hindi natatakda sa abiso ang lahat ng mga sumusunod na impormasyon na nakasulat nang malinaw:

- 1) Pangalan at address ng customer.
- 2) Ang delinkwenteng halaga.
- 3) Ang petsa kung kailan kailangan ang bayad o arrangement o pag-aareglo ng bayad upang maiwasan ang maputulan ng residential water service, at ito'y 60 araw mula sa petsa kung kailan naging delinkwente ang bill, maliban kung ito'y na-extend alinsunod sa pagpapasiya ng Administrative Services Director o ng designado nito
- 4) Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa isang extension ng panahon upang mabayaran ang mga delinkwenteng singil.
- 5) Isang paglalarawan ng pamamaraan upang ipetisyon ang pagrebyu at pag-apela ng bill.
- 6) Isang paglalarawan ng pamamaraan para makapag-request ang customer ng isang deferred, mas mababa, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortization ng delinkwenteng singil sa residential water service.
- 7) Ang telepono ng Lungsod at web link sa nakasulat na patakaran ng Lungsod.

5. Ano ang mga Kinakailangan para sa Pag-abiso Nang Walang Masamang Hangarin

- A. Kung hindi matawagan ng Lungsod ang customer o adult na nasa residence, at kung bumalik sa mail ang nakasulat na abiso dahil hindi ito ma-deliver, pagsisikapan ng Lungsod na bisitahin ang residence at mag-iwan, o magpalagay sa isang madaling makitang lugar, ng isang abiso ukol sa mangyayaring pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad, at ng patakaran ng Lungsod hinggil sa pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad.
- B. Kung pina-review o inapela ng customer ang kanyang bill, kokontakin ng customer ang Lungsod bago dumating ng due date para sa bayad at iinvestigahan ito ng Lungsod. Kung ang imbestigasyon ay hindi mauwi sa isang resolusyon na katanggap-tanggap para sa customer, ipapa-review ito ng customer sa Administrative Services Director at maaari nito ito apelahin sa City Council. Ang Lungsod ay magbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa oras at lugar ng apela mga pitong (7) araw man lamang bago isagawa ang City Council meeting. Final ang desisyon ng City Council. Hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service habang pending ang appeal.

6. Pagbabawal sa Pagputol ng Residential Water Service

- A. Hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad kung natutupad ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- 1) Ang customer, o tenant ng customer, ay magsusumite sa Lungsod ng sertipiko ng primary care provider, tulad ng paglalarawan nito sa subparagraph (A) ng paragraph (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 14088 ng Welfare and Institutions Code, kung saan nakapahayag na ang pagputol ng residential water service ay mapanganib sa buhay, o malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng naninirahan sa lugar kung saan naglalaan ng residential water service.
- 2) Napatunayan ng customer na hindi niya kayang bayaran ang residential water service sa loob ng karaniwang billing cycle ng Lungsod. Ang customer ay ituturing na hindi makapagbayad para sa residential water service sa loob ng karaniwang billing cycle ng Lungsod kapag may sino mang miyembro ng sambayanan ng customer ang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay hindi umaabot ng 200 porsiyento ng federal poverty level.
- 3) Ang customer ay handang pumasok sa isang amortization agreement, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plan para sa deferred o mas mababang bayad hinggil sa lahat ng mga delinkwenteng singil.

B. Kung natutupad ang lahat ng mga kondisyon na nasa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

- 1) Amortization ng balance na hindi pa nababayaran.
- 2) Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
- 3) Bahagi o buong pagbayad ng hindi pa nababayaranang balance na na-finance nang walang mga karagdagang singil sa ibang ratepayers.
- 4) Pansamantalang deferral ng pagbayad.

C. Ang Finance Director o ang designado nito ay awtorisadong magpasiya kung aling mga opsyon sa pagbabayad na nakalarawan sa paragraph 6.B ang gagamitin ng customer, at maaari nitong itakda ang parameters para sa opsyon sa pagbabayad na iyon, kung ang pagbayad ng anumang natitirang outstanding balance ay isasagawa sa loob ng 12 buwan, at basta maaaprubahan ng Finance Director ang bahagi o buong pagbawas ng hindi pa nababayaranang balance kung ang pagbawas na iyon ay mapopondahan ng Water Enterprise Fund revenues na inaprubahan ng City Council at na inilipat sa Water Enterprise Fund budget para lamang sa layuning iyon.

D. Ang residential water service ay maaaring putulin makalipas ng 5 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod sa isang madaling makitang lugar sa property ng final notice o pinakahuling abiso na nagpapahayag na balak nitong putulin ang serbisyo para sa alinman sa mga sumusunod na kaso:

- 1) Hindi tinupad ng customer ang amortization agreement, ang isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil nang 60 araw o mahigit pa.
- 2) Habang tinutupad ang isang amortization agreement, ang isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residential water service nang 60 araw o mahigit pa.

7. Muling Pagpapakabit ng Water Service

A. Kung pinutol ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad, bibigyan nito ang customer ng impormasyon kung paano ibalik ang residential water service. Para sa isang residential customer na nagpatunay sa Lungsod na ang household income o kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line, gagawin ng Lungsod ang dalawang ito:

- 1) Magtatakda ng fee para sa muling pagpapakabit ng service para ito'y muling ikabit sa mga karaniwang oras ng trabaho, sa halaga na hindi sosobra sa limampung dolyar (\$50), o sa tunay na gastos ng muling pagpapakabit, kung ito'y mas mababa. Para sa muling pagpapakabit ng residential water service sa labas ng oras ng trabaho, ang Lungsod ay magtatakda ng fee para sa muling pagpapakabit at ito'y hindi sosobra sa isang daan at limampung dolyar (\$150), o sa tunay na gastos ng muling pagpapakabit sa labas ng oras ng trabaho, kung ito'y mas mababa. Ang pinakamataas na halagang \$50 para muling magpakabit sa mga oras ng trabaho at \$150 sa labas ng mga oras ng trabaho ay mapapailalim sa taunang adjustment para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula Hulyo 2021. Gagamitin ng Lungsod ang Consumer Price Index -- U (Los Angeles-Long Beach-Anaheim, CA All Urban Consumers) tulad ng nakaulat para sa labing-dalawang buwan mula Pebrero ng naunang taon hanggang Pebrero ng kasalukuyang taon para tiyakin ang pagtaas ng Consumer Price Index.

- 2) Ipapawalang-bisa ang interest na sisingilin sa mga delinkwenteng bill isang beses bawat 12 buwan.

B. Isasaalang-alang ng Lungsod na ang sambahayang kita ng isang residential customer ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line kung may sino mang miyembro ng sambahayan ang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level.

8. Mga serbisyo kapag may Landlord-Tenant Relationships

- A. Kung ang Lungsod ay naglagay ng mga indibidwal na metered residential water service sa mga naninirahan sa isang detached single-family dwelling, isang multiunit residential structure, at isang mobile home, at ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istruktura, o park ay customer of record (customer na nasa file), pagsisikapan ng Lungsod na abisuhan ang mga naninirahan sa lugar, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag nahuhuli ang bayad para sa account at ang serbisyo ay puputulin 10 araw man lamang bago ito putulin. At nakasulat din sa abiso na ang mga naninirahan sa lugar ay may karapatang maging mga customer, at na sila ang sisingilin para sa serbisyo, nang hindi nila kinakailangang bayaran ang anumang halaga na maaaring hindi pa nababayaran para sa delinkwenteng account.
- B. Hindi gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahan sa lugar maliban kung ang bawat taong naninirahan ay sumang-ayon sa mga tadhana at mga kondisyon ng serbisyo at natutupad niya ang mga kinakailangan sa ilalim ng batas, sa mga ordinansa, mga resolusyon, mga patakaran, at mga regulasyon ng Lungsod. Gayunman, kung isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at maaaring managot para sa mga susunod na singil sa account, sa kasiyahan ng Lungsod, pati na sa requirements kung saan maaaring kasama (ngunit hindi natatakda rito) ang bayad ng deposit at pagkompleto ng aplikasyon sa lungsod para sa serbisyo upang maaseso ng Finance Director o ng designado nito kung nasisiyahan ang Lungsod na matutupad ng mga naninirahang aplikante ang mga tadhana at mga kondisyon ng serbisyo, o kung may pisikal na paraan na magagamit ng Lungsod upang mapili nito kung sino ang mga naninirahan na puputulan ng Lungsod ng serbisyo dahil hindi nila natupad ang requirements ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo doon sa mga naninirahan na sa palagay ng Lungsod ay makakatupad sa mga tadhana at mga kondisyon ng serbisyo.

9. Ano ang Kinakailangan para Mag-ulat

Taun-taon ay iulat ng Lungsod sa website nito at sa State Water Resources Control Board kung ilan ang kanilang pinutol na residential service dahil hindi nakabayad.

10. Mga Limitasyon ng Patakarang Ito

Walang bahagi ng patakarang ito ang nagtatakda, naglilimita, o humahadlang sa kakayahan ng Lungsod na putulin ang serbisyo para sa isang customer para sa mga dahilang naiiba sa mga malinaw na ipinahayag sa patakarang ito, kabilang ngunit hindi natatakda sa mga hindi awtorisadong kilos ng customer.

11. Maaaring apelahin ng mga customer ang halagang itinakda sa anumang bill para sa residential water service.

A. Ang customer ay may karapatang simulan ang pag-apela ng anumang bill o singil na ibinigay ng Lungsod. Ang ganoong kahilingan ay dapat isulat at ipadala sa Finance Department ng Lungsod sa 1015 11th Avenue, Delano, CA 93215. Hindi puputulin ng Lungsod ang water service sa customer habang isinasagawa ang proseso ng pag-apela.

B. Kung pina-review o inapela ng customer ang kanyang bill, kokontakin ng customer

ang Lungsod bago dumating ng due date para sa bayad, at iinvestigahan ito ng Lungsod. Kung ang imbestigasyon ay hindi mauwi sa isang resolusyon na katanggap-tanggap para sa customer, ipapa-review ito ng customer sa F Director at maaari nito ito apelahin sa City Council. Ang Lungsod ay magbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa oras at lugar ng apela mga pitong (7) araw man lamang bago isagawa ang City Council meeting. Final ang desisyon ng City Council. Hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service habang pending ang appeal.